



2024

Buod ng Mga Benepisyo

California

Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP)

H3561 | 001

Alam namin kung gaano kahalaga na magkaroon ng planong pangkalusugan na maaasahan ninyo.

Isa itong buod ng mga serbisyo sa gamot at kalusugan na sinasaklaw ng Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP) mula Enero 1, 2024 hanggang Disyembre 31, 2024.

Bibigyan kayo ng booklet na ito ng buod ng kung ano ang sinasaklaw namin at ang mga responsibilidad sa pagbabahagi ng gastos. Hindi nakalista rito ang lahat ng serbisyo, limitasyon, o pagbubukod. Makakakita ng kumpletong listahan ng mga serbisyo sa Katibayan ng Pagsaklaw (Evidence of Coverage, EOC) ng plano. Makikita ninyo ang Katibayan ng Pagsaklaw sa aming website sa www.wellcare.com/healthnetCA. Para makahiling ng kopya, pakitawagan ang 1-844-917-0175 (TTY 711): Ang mga oras ay mula Lunes - Linggo, 8 am - 8 pm (lahat ng time zone).

Sino ang maaaring sumali?

Para makapagpatala sa isa sa aming mga plano, dapat ay karapat-dapat kayo sa Bahagi A ng Medicare, nakatala kayo sa Bahagi B ng Medicare, at nakatira kayo sa aming sineserbisyuhang lugar. Dapat patuloy na magbayad ang mga miyembro ng kanilang premium sa Bahagi B ng Medicare kung hindi ito binabayaran sa ilalim ng Medicaid o ng isa pang third party. Upang maging karapat-dapat, dapat ay mamamayan din ng United States ang benepisyaryo o di kaya'y legal siyang namamalagi sa United States.

Kasama sa aming mga sineserbisyuhang lugar ang mga county na ito sa California: Amador, Imperial, Kern, Placer, San Francisco, San Joaquin, at Stanislaus.

Kung nais ninyong matuto pa tungkol sa saklaw at mga gastos ng Original Medicare, tingnan ang inyong kasalukuyang handbook na “Medicare at Ikaw.” Tingnan ito online sa www.medicare.gov o kumuha ng kopya sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800--MEDICARE (1-800-633-4227), 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048.

Ang mga **Health Maintenance Organizations (HMO)** ay mga plano sa pangangalagang pangkalusugan na iniaalok ng isang provider ng insurance na may network ng mga kinontratang provider at pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan. Karaniwang inaatasan ng mga HMO ang mga miyembro na pumili ng provider ng pangunahing pangangalaga (primary care provider, PCP) para sa pagsasaayos ng pangangalaga at kung kailangan ninyo ng espesyalista, pipili ang PCP ng espesyalistang kasama rin sa aming network.

Binibigyan kayo ng aming mga plano ng access sa aming network ng magagaling na medikal na provider sa inyong lugar. Maaasahan ninyo ang pagpili ng provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) na makikipagtulungan sa inyo at magsasaayos ng inyong pangangalaga. Maaari kang humiling ng kasalukuyang direktoryo ng provider at botika o, para sa isang napapanahong listahan ng network ng mga provider, bisitahin ang www.wellcare.com/healthnetCA (Pakitandaan na, maliban sa pangangalagang pang-emergency, pangangalagang agarang kinakailangan kapag nasa labas kayo ng network, mga serbisyo ng dialysis sa labas ng sineserbisyuhang lugar, at mga kaso kung saan pinapahintulutan ng aming plano ang paggamit ng mga provider na wala sa network, kung kukuha kayo ng medikal na pangangalaga mula sa-mga-provider na wala sa plano, hindi pananagutan ng Medicare o ng aming plano ang mga gastusin para rito.)

May kasama ring saklaw sa inireresetang gamot at access sa aming malaking network ng mga parmasya ang aming mga plano. Gumagamit ng pormularyo ang aming mga plano. Partikular na idinisenyo ang aming mga plano sa gamot para sa mga benepisyaryo ng Medicare at may kasamang komprehensibong seleksyon ng mga abot-kayang generic at branded na gamot ang mga ito.

Aling mga doktor, ospital, at parmasya ang maaari kong gamitin? Ang Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP) ay may network ng mga doktor, ospital, botika, at iba pang mga provider. Sa ilang plano, kung gagamit kayo ng mga provider na wala sa aming network, posibleng maging mas mataas ang inyong bahagi sa gastos para sa mga sinasaklaw na serbisyo.

Maaari ninyong tingnan ang direktoryo ng provider at parmasya ng aming plano, at para sa mga planong may saklaw sa inireresetang gamot, ang aming kumpletong Pormularyo ng plano (listahan ng mga inireresetang gamot sa Bahagi D) sa website sa www.wellcare.com/healthnetCA.

Para sa higit pang impormasyon, pakitawagan kami sa 1-844-917-0175 (Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 711). Ang mga oras ay mula Lunes - Linggo, 8 am - 8 pm (lahat ng time zone). Bisitahin kami sa www.wellcare.com/healthnetCA.

Dapat kaming magbigay ng impormasyon sa paraang gumagana para sa inyo (sa mga wikang maliban sa English, sa audio, braille, malaking titik, o iba pang alternatibong format, atbp.). Mangyaring tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro kung kailangan ninyo ng impormasyon ng plano sa ibang format.

Para maging karapat-dapat

Available ang planong ito sa sinumang nakakatanggap ng Medikal na Tulong mula sa Estado at Medicare.

Para maging karapat-dapat para sa planong ito, dapat matugunan ninyo ang mga sumusunod na pamantayan sa espesyal na pangangailangan:

H3561001000 Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP) - FBDE, QMB+, SLMB+

Sumangguni sa seksyong "Mga Antas ng Medicare Savings Program (MSP)" sa ibaba para sa isang paglalarawan ng lahat ng antas ng MSP. Posibleng mag-iba-iba ang mga premium, copayment, coinsurance, at nababawas batay sa kategorya ng inyong pagiging karapat-dapat sa Medicaid at/o sa antas ng Karagdagang Tulong na natatanggap ninyo.

Ang mga **Dual Eligible Special Needs Plan (DSNP)** ay mga espesyal na plano ng Medicare Advantage na nagbibigay ng mga benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga benepisyaryong parehong may saklaw sa Medicare at Medicaid. Dapat makatugon ang mga benepisyaryo sa ilang partikular na kinakailangan sa kita at mapagkukunan kung saan ang pagiging karapat-dapat at sakop ng mga benepisyong iniaalok ay tinutukoy ng estado sa lugar kung saan iniaalok ang plano.

Dapat ay nakatala rin kayo sa plano ng Medicaid ng California. Posibleng mag-iba-iba ang mga premium, copayment, coinsurance, at nababawas batay sa kategorya ng inyong pagiging karapat-dapat sa Medicaid at/o sa antas ng Karagdagang Tulong na natatanggap ninyo. Binabayaran ng Estado ng California ang inyong premium sa Bahagi B para sa mga full-dual na nagpapatala. Mangyaring makipag-ugnayan sa plano para sa higit pang mga detalye.

Pag-unawa sa Dual Eligibility

Ang Medicaid ay isang pinagsamang programa ng pederal na pamahalaan at estado na tumutulong sa mga medikal na gastusin para sa ilang partikular na tao na may limitadong kita at mapagkukunan. Mahalaga ang mga benepisyo ng Medicaid dahil nagbibigay ang estado ng karagdagang saklaw sa pangangalagang pangkalusugan at pinansyal na suporta batay sa inyong antas ng tulong sa Medicare Savings Program (MSP). Nag-iiba-iba ang saklaw ng Medicaid depende sa estado at sa uri ng Medicaid na mayroon kayo. Ang babayaran ninyo para sa mga sinasaklaw na serbisyo ay maaaring dumepende sa antas ng pagiging karapat-dapat ninyo sa Medicaid. Nakakatanggap ng tulong ang ilang taong may Medicaid para sa pagbabayad ng kanilang mga premium sa Medicare at iba pang gastusin. Posible ring makakuha ng saklaw ang ibang tao para sa mga karagdagang serbisyo at gamot na sinasaklaw sa ilalim ng Medicaid ngunit hindi ng Medicare.

Mga Antas ng Medicare Savings Program (MSP)

- **Full-Benefit Dual Eligible (FBDE):** Posibleng magbayad ang Medicaid para sa inyong mga premium, nababawas, coinsurance, at copayment sa Bahagi A at B ng Medicare. Makakatanggap din ang mga karapat-dapat na benepisyaryo ng kumpletong benepisyong Medicaid.
- **Kuwalipikadong Benepisyaryo ng Medicare (QMB):** Ang Medicaid ang magbabayad para sa inyong mga premium, nababawas, coinsurance, at copayment sa Bahagi A at B ng Medicare. Ang ilang taong may QMB ay karapat-dapat din para sa kumpletong mga benepisyong Medicaid (QMB+)
- **Tinukoy na Benepisyaryo ng Medicare na May Mababang Kita (SLMB):** Sasagutin ng Medicaid ang gastusin ng inyong mga Premium sa Bahagi B ng Medicare. Ang ilang taong may SLMB ay karapat-dapat din para sa kumpletong mga benepisyong Medicaid (SLMB+)
- **Kuwalipikadong Indibidwal (QI):** Babayaran ng Medicaid ang mga gastusing nauugnay sa Bahagi B ng Medicare
- **Kuwalipikadong Nagtatrabahong Indibidwal na May Kapansanan (QDWI):** Babayaran ng Medicaid ang mga gastusing nauugnay sa Bahagi A ng Medicare

Tandaan: Awtomatikong nagiging kuwalipikado ang ilang antas ng MSP para sa “Karagdagang Tulong” para sa tulong sa saklaw sa inireresetang gamot ng Medicare. Hindi sinasaklaw ng ilang estado ang pagbabahagi ng gastos sa Bahagi A at B.

Ano ang “Karagdagang Tulong?”

Ang Subsidy para sa Mababa ang Kita (LIS), na tinatawag ding “Karagdagang Tulong,” ay maaaring maging available upang matulungan kayo sa mga gastusin mula sa sariling bulsa para sa Bahagi D gaya ng mga premium, nababawas, coinsurance, o copayment. Maraming tao ang kuwalipikado para sa Programang “Karagdagang Tulong” at hindi man lang nila alam tungkol dito. Tandaan na posible ring dumepende ang tulong sa inyong antas ng Medicare Savings Program (MSP) at sa inyong dual eligible na status.

Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa inyong pagiging karapat-dapat sa Medicaid at kung anong mga benepisyong mayroon kayo, tawagan ang numerong nakalista sa likurang pabalat ng dokumentong ito.

Mga Benepisyo

	Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP) H3561, Plan 001
Buwanang premium ng plano (kabilang ang medikal at mga gamot)	\$0 Dapat kayong patuloy na magbayad ng inyong premium sa Bahagi B ng Medicare, kung hindi ito binabayaran ng Medicaid o iba pang third party.
Nababawas	Walang nababawas
Maximum na Responsibilidad sa Gastos mula sa Sariling Bulsa (hindi kasama ang mga inireresetang gamot)	\$8,850 sa loob ng network taon-taon Ito ang pinakamalaking halagang babayaran ninyo sa mga copay at coinsurance para sa mga serbisyo ng Bahagi A at B para sa taon.
Saklaw sa Ospital para sa Inpatient	Araw 1-90: \$0 na copay kada pagkaka-admit *
Saklaw sa Ospital para sa Outpatient Mga serbisyo sa ospital para sa outpatient	\$0 na copay para sa mga serbisyong nauugnay at hindi nauugnay sa operasyon (kabilang ang diagnostic colonoscopy). *
Mga serbisyo ng obserbasyon sa ospital para sa outpatient	\$0 na copay
Mga serbisyo sa ambulatory surgical center (ASC)	\$0 na copay *
Mga Pagpapatingin sa Doktor Mga Provider ng Pangunahing Pangangalaga	\$0 na copay
Mga Espesyalista	\$0 na copay *

Ang mga serbisyong may asterisk (*) ay posibleng mangailangan ng paunang pahintulot.
Ang mga serbisyong may parisukat (▪) ay nangangahulugang posibleng mangailangan ng referral.

Mga Benepisyo

	Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP) H3561, Plan 001
Pangangalagang Pang-iwas (hal., Taunang pagpapatingin para sa Kagalingan, pagsukat sa masa ng Buto, pag-screen ng kanser sa suso (mammogram), pag-screen ng Cardiovascular, pag-screen ng kanser sa cervix at vagina, pag-screen ng Colorectal na kanser, pag-screen ng Diabetes, pag-screen ng Hepatitis B Virus, pag-screen ng kanser sa Prostrate (PSA), mga Bakuna (kabilang ang mga bakuna laban sa Trangkaso, bakuna laban sa Hepatitis B, Pneumoccal na bakuna, bakuna laban sa COVID))	\$0 na copay
Pangangalagang pang-emergency	\$0 na copay
Saklaw sa pandaigdigang emergency	\$100 na copay Ang mga serbisyo sa pandaigdigang emergency at mga pandaigdigang serbisyo na agarang kinakailangan ay napapailalim sa \$50,000 na maximum na saklaw ng plano. Walang pandaigdigang pagsaklaw para sa pangangalaga sa labas ng emergency room o emergency na pagkaka-admit sa ospital. Hindi mawe-waive ang copay kung maa-admit sa ospital para sa mga pandaigdigang serbisyo sa emergency.

Ang mga serbisyong may asterisk () ay posibleng mangailangan ng paunang pahintulot.
Ang mga serbisyong may parisukat (▪) ay nangangahulugang posibleng mangailangan ng referral.*

Mga Benepisyo

	Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP) H3561, Plan 001
Mga serbisyong agarang kinakailangan	\$0 na copay
Saklaw sa pandaigdigang agarang pangangalaga	\$100 na copay Ang mga serbisyo sa pandaigdigang emergency at mga pandaigdigang serbisyo na agarang kinakailangan ay napapailalim sa \$50,000 na maximum na saklaw ng plano. Hindi mawe-waive ang copay kung maa-admit sa ospital para sa mga pandaigdigang serbisyong agarang kinakailangan.
Mga Serbisyong Pang-diagnostic/Laboratory/Imaging	
Mga serbisyo sa laboratoryo	\$0 na copay *
Mga diagnostic na pagsusuri at pamamaraan	\$0 na copay *
Mga Outpatient na X-ray	\$0 na copay *
Mga serbisyo sa diagnostic radiology (hal. MRI, CAT Scan)	\$0 na copay *
Therapeutic Radiology	\$0 na copay *
Mga serbisyo sa pandinig	
Eksaminasyon sa Pandinig na Saklaw ng Medicare	\$0 na copay *
Regular na eksaminasyon sa pandinig	\$0 na copay * 1 eksaminasyon kada taon

Ang mga serbisyong may asterisk (*) ay posibleng mangailangan ng paunang pahintulot.
Ang mga serbisyong may parisukat (▪) ay nangangahulugang posibleng mangailangan ng referral.

Mga Benepisyo

	Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP) H3561, Plan 001
Mga Hearing Aid Pagsusukat/(Mga) Pagtatasa ng Hearing Aid Allowance para sa hearing aid Lahat ng uri	\$0 na copay * 1 pagsusukat / pagtatasa kada taon Hanggang sa \$1,000 na allowance bawat tainga kada taon para sa mga hearing aid. \$0 na copay * Limitado sa 2 hearing aid kada taon
Karagdagang Impormasyon Kaugnay ng Pandinig	Ano ang dapat ninyong malaman Sinasaklaw ng Medicare ang mga pagsusuri sa pandinig at pagsusuri sa balanse kung hihilingin ng inyong doktor o iba pang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan ang mga pagsusuring ito upang matukoy kung kailangan ninyo ng medikal na paggamot.

Ang mga serbisyong may asterisk () ay posibleng mangailangan ng paunang pahintulot.
Ang mga serbisyong may parisukat (▪) ay nangangahulugang posibleng mangailangan ng referral.*

Mga Benepisyo

	Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP) H3561, Plan 001
Mga serbisyo para sa ngipin Mga pagsusuri sa ngipin at pangangalang pang-iwas sa problema sa ngipin	\$0 na copay Bilang isang miyembro ng Medi-Cal, available ang maraming karaniwang serbisyo para sa ngipin sa pamamagitan ng Medi-Cal Dental Fee-For-Service Program; kasama sa mga ito ang, ngunit hindi limitado sa mga serbisyong gaya ng: • Mga inisyal na pagsusuri, X-ray, paglilinis, at fluoride treatment • Mga restoration at crown • Root canal therapy • Mga hindi kumpleto at buong pustiso, pag-adjust, pag-aayos, at pag-reline Ang mga kinatawan para sa Programa ng Serbisyo para sa Pangangalaga ng Ngipin ng Medi-Cal ay available para tulungan kayo sa 1-800-322-6384 (TTY: 1-800-735-2922) mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Available rin online ang impormasyon sa https://smilecalifornia.org.

Ang mga serbisyong may asterisk (*) ay posibleng mangailangan ng paunang pahintulot.
Ang mga serbisyong may parisukat (▪) ay nangangahulugang posibleng mangailangan ng referral.

Mga Benepisyo

	Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP) H3561, Plan 001
Restorative at pang-emergency na pangangalaga sa ngipin	\$0 na copay * Makukuha ang mga benepisyo para sa ngipin sa Medi-Cal Dental Program. Para sa higit pang impormasyon, maaari ninyong bisitahin ang wensite sa https://smilecalifornia.org/. Bukod pa sa Medi-Cal Dental program, iniaalok ng plano ang: • Mga serbisyo sa pag-restore – Sinasaklaw na benepisyo ang mga crown sa parehong ngipin isang beses kada limang taon sa kalendaryo. • Prosthodontics, kabilang ang mga pustiso – Kasama sa mga sinasaklaw na serbisyo ang pag-rebase ng pustiso isang beses kada arch kada dalawang taon sa kalendaryo. Ang pontics ay isang sinasaklaw na benepisyo sa parehong ngipin kada limang taon sa kalendaryo.
Mga Serbisyo para sa Paningin Eksaminasyon sa Mata na Saklaw ng Medicare	\$0 na copay (Diabetic retinopathy screening na saklaw ng Medicare) \$0 na copay (lahat ng iba pang eksaminasyon sa mata na saklaw ng Medicare) *
Regular na eksaminasyon sa mata (Refraction)	\$0 na copay * 1 eksaminasyon kada taon
Screening para sa glaucoma	\$0 na copay para sa bawat serbisyong saklaw ng Medicare.
Eyewear Saklaw ng Medicare	\$0 na copay *

Ang mga serbisyong may asterisk () ay posibleng mangailangan ng paunang pahintulot.
Ang mga serbisyong may parisukat (▪) ay nangangahulugang posibleng mangailangan ng referral.*

Mga Benepisyo

	Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP) H3561, Plan 001
Regular na eyewear Mga contact lens/Salamin (mga lens at frame)/Mga frame ng salamin Allowance sa eyewear	\$0 na copay * Hanggang sa \$300 na pinagsamang allowance para sa mga contact lens at salamin (mga lens at/o frame) kada taon.
Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip Inpatient na pagpapatingin	Araw 1-90: \$0 na copay kada pagkaka-admit *
Outpatient na indibidwal na pagpapatingin para sa therapy	\$0 na copay *
Outpatient na panggrupong pagpapatingin para sa therapy	\$0 na copay *
Pasilidad ng sanay na pag-aalaga (Skilled nursing facility, SNF)	Araw 1-100: \$0 na copay kada pagkaka-admit *
Mga Serbisyo sa Therapy at Rehabilitasyon Physical Therapy	\$0 na copay *
Mga outpatient na serbisyo sa rehabilitasyon na ibinibigay ng isang occupational therapist	\$0 na copay *
Mga serbisyo sa rehabilitasyon ng бага	\$0 na copay

Ang mga serbisyong may asterisk (*) ay posibleng mangailangan ng paunang pahintulot.
 Ang mga serbisyong may parisukat (▪) ay nangangahulugang posibleng mangailangan ng referral.

Mga Benepisyo

	Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP) H3561, Plan 001
Ambulansya	
Panlupang Ambulansya	\$0 na copay *
Panghimpapawid na Ambulansya	\$0 na copay *
Mga Serbisyo sa Transportasyon	Hanggang 24 pagsakay kada taon sa mga naaprubahang lokasyon ng pangangalagang pangkalusugan. Kabilang dito ang mga doktor at iba pang espesyalista (hanggang 4 na one-way na biyahe kada araw). \$0 copay (kada isang papuntang byahe) * Ano ang dapat ninyong malaman: Posibleng may malapat na mga limitasyon sa mileage. Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro 72 oras na mas maaga para magpareserba ng sasakyan para sa inyong appointment.
Mga Gamot sa Bahagi B ng Medicare	
Chemotherapy at Iba pang mga Gamot sa Bahagi B	\$0 na copay * Maaaring sumailalim ang ilang mga nababawas na gamot sa Bahagi B sa isang mas mababang coinsurance kaysa sa halagang ipinakita sa itaas. Inilathala ang listahan ng nababawas na gamot sa Bahagi B na sumailalim sa isang mas mababang coinsurance ng Mga Sentro para sa mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid (CMS) at maaaring magbago kada quarter.
Insulin	\$0 na copay *
Antigen ng Allergy	\$0 na copay *

Ang mga serbisyong may asterisk (*) ay posibleng mangailangan ng paunang pahintulot.
Ang mga serbisyong may parisukat (▪) ay nangangahulugang posibleng mangailangan ng referral.

Saklaw sa Inireresetang Gamot	Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP) H3561, Plan 001
Taunang Nababawas sa Reseta	\$0
Pang-30 araw/hanggang pang-100 araw na supply mula sa retail na parmasya sa network	
Lahat ng Sinasaklaw na Gamot	\$0 na copay May ilang sinasaklaw na gamot na limitado lang sa pang-30 araw na supply

Mga Karagdagang Benepisyo

	Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP) H3561, Plan 001
Mga Chiropractic na Serbisyo Saklaw ng Medicare	\$0 na copay *
Mga regular na chiropractic na serbisyo	\$0 na copay * 24 na pagpapatingin kada taon
Acupuncture Saklaw ng Medicare	\$0 na copay *
Mga regular na serbisyo sa acupuncture	\$0 copay * Limitado sa 24 na pagpapatingin kada taon.
Mga Serbisyo sa Podiatry (Pangangalaga sa Paa) Saklaw ng Medicare	\$0 na copay *
Mga Regular na Serbisyo sa Podiatry	\$0 na copay * 12 pagpapatingin kada taon

Ang mga serbisyong may asterisk (*) ay posibleng mangailangan ng paunang pahintulot.
 Ang mga serbisyong may parisukat (▪) ay nangangahulugang posibleng mangailangan ng referral.

Mga Karagdagang Benepisyo

	Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP) H3561, Plan 001
Mga Virtual na Pagpapatingin	Nag-aalok ang aming plano ng 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo na access sa virtual na pagpapatingin sa mga doktor na sertipikado ng board sa pamamagitan ng Teladoc para makatulong na matugunan ang maraming alalahanin/tanong kaugnay ng kalusugan. Kasama sa mga sinasaklaw na serbisyo ang pangkalahatang medikal, kalusugan ng pag-uugali, dermatology, at marami pang iba. Ang virtual na pagpapatingin (na kilala rin bilang telehealth na pagpapakonsulta) ay isang pagpapatingin sa doktor sa pamamagitan man ng telepono o internet gamit ang isang smart phone, tablet, o computer. Posibleng mangailangan ang ilang partikular na uri ng pagpapatingin ng internet at device na may camera. Para sa higit pang impormasyon, o para magpaiskedyul ng appointment, tawagan ang Teladoc sa 1-800-835-2362 (TTY: 711) 24 na oras sa isang, 7 araw sa isang linggo.
Pangangalaga ng ahensya sa kalusugan sa bahay	\$0 na copay *
Mga Pagkain Mga Post-Acute na Pagkain	\$0 na copay ▪ Ano ang dapat ninyong malaman: Wala kayong babayaran para sa mga pagkaing inihahatid sa bahay kasunod ng Inpatient na pananatili sa ospital para makatulong sa pagpapagaling na may maximum na 3 pagkain kada araw sa loob ng hanggang 14 na araw na may maximum na 42 pagkain kada pagkakataon para sa unlimited na bilang ng mga pagkakataon kada taon.

Ang mga serbisyong may asterisk () ay posibleng mangailangan ng paunang pahintulot.
Ang mga serbisyong may parisukat (▪) ay nangangahulugang posibleng mangailangan ng referral.*

Mga Karagdagang Benepisyo

	Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP) H3561, Plan 001
Mga Medikal na Kagamitan/Supply	
Matitibay na Medikal na Kagamitan (Durable Medical Equipment, DME)	\$0 na copay *
Mga Prosthetic	\$0 na copay *
Mga supply para sa diabetes	\$0 na copay * Para sa higit pang impormasyon, limitasyon, at pagbubukod, mangyaring tingnan ang inyong Katibayan ng Pagsaklaw.
Therapeutic na sapatos o insert para sa diabetis	\$0 na copay *
Mga serbisyo sa programa sa paggamot ng opioid	\$0 na copay *
Mga Programa para sa Wellness	Para sa detalyadong listahan ng mga iniaalok na benepisyo ng programa para sa wellness, mangyaring sumangguni sa Katibayan ng Pagsaklaw.
Fitness	\$0 na copay Ano ang dapat ninyong malaman: Ang benepisyo sa planong ito ay nagbibigay ng membership sa isang flexible na benepisyo para sa fitness na may mga buwanang credit na magagamit sa iba't ibang malalaking gym o lokal na fitness studio. Magkakaroon ang mga miyembro ng 32 credit na magagamit kada buwan. Magiging sapat ang mga credit upang masaklaw ang buwanang membership sa gym at/o mga klase sa fitness studio, o fitness box at fitness video sa bahay.

Ang mga serbisyong may asterisk (*) ay posibleng mangailangan ng paunang pahintulot.
Ang mga serbisyong may parisukat (▪) ay nangangahulugang posibleng mangailangan ng referral.

Mga Karagdagang Benepisyo

	Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP) H3561, Plan 001
Mga karagdagang session ng pagpapayo sa paghinto sa paninigarilyo at pagtatabako	\$0 na copay Limitado sa 5 pagpapatingin kada taon
Taunang Pisikal na Eksaminasyon	\$0 na copay Ano ang dapat ninyong malaman: Ang eksaminasyon ay kinabibilangan ng detalyadong medikal na history/history ng pamilya at mga rekomendasyon para sa mga screening/pangangalagang pang-iwas sa sakit.
24 na Oras na Linya ng Payo ng Nurse	\$0 na copay
Device sa medikal na pagtugon sa personal na emergency (personal emergency medical response, PERS)	\$0 na copay
Mga serbisyo ng suporta sa bahay	\$0 na copay para sa bawat pagbisita para sa mga serbisyo ng suporta sa bahay. Hanggang 12 pagbisita kada taon. Ano ang dapat ninyong malaman: Maaari kayong makatanggap ng Mga Serbisyo sa Gawaing-Bahay at Personal na Pangangalaga kung makakatugon kayo sa ilang partikular na klinikal na pamantayan. Ang mga serbisyo ay dapat inirekomenda o hiniling ng isang lisensyadong clinician ng plano o lisensyadong provider ng plano. Ibinibigay ang mga serbisyo nang may apat na oras na pagitan.
Mga Over-the-Counter (OTC) na Item	Mangyaring tingnan ang seksyong Wellcare Spendables™ para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga benepisyo sa over-the-counter (OTC).

Ang mga serbisyong may asterisk (*) ay posibleng mangailangan ng paunang pahintulot.
Ang mga serbisyong may parisukat (▪) ay nangangahulugang posibleng mangailangan ng referral.

Mga Karagdagang Benepisyo

	Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP) H3561, Plan 001
Wellcare Spendables™	Makakatanggap ka ng \$75 kada buwan (\$900 kada taon) na ilalagay sa iyong Wellcare Spendables™ card. Ang inyong buwanang allowance ay malilipat sa susunod na buwan kung hindi magagamit at mag-e-expire ito sa katapusan ng taon ng plano. Magagamit ninyo ang allowance sa card ninyo sa: • Mga Over-the-Counter na item (OTC) - Maaari ninyong gamitin ang inyong card sa mga kalahok na retail na lokasyon, sa pamamagitan ng mobile app, o mag-log in sa inyong portal ng miyembro para makapag-order para sa paghahatid sa bahay. Kabilang sa mga halimbawa ng mga sinasaklaw na item ay branded at generic item na mabibili nang walang reseta, bitamina, pain reliever, item para sa sipon at allergy at item para sa diabetes. Dahil nakikilahok ang iyong plano sa Programang Disenyo ng Insurance na Nakabatay sa Halaga, puwede mo ring gamitin ang iyong nakalaang halaga ng Wellcare Spendables™ para sa alinmang mga benepisyo sa ibaba: • Masustansyang Pagkain - Maaari ninyong gamitin ang inyong card pambayad para sa masusustansyang pagkain at produkto sa mga kalahok na retailer. Available ang mga nakahanda nang pagkain para ma-order sa pamamagitan ng online na portal. • Gas pay-at-pump - Maaari ninyong gamitin ang inyong card pambayad ng gas direkta sa pump. Hindi magagamit ang card para magbayad nang personal sa cash register. Magagamit lang ang inyong card hanggang sa available na halaga ng allowance.

Ang mga serbisyong may asterisk () ay posibleng mangailangan ng paunang pahintulot.
Ang mga serbisyong may parisukat (▪) ay nangangahulugang posibleng mangailangan ng referral.*

Mga Karagdagang Benepisyo

	Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP) H3561, Plan 001
	• Tulong sa Utility - Maaari ninyong gamitin ang inyong card para makatulong sa mga gastusin sa mga utility sa bahay ninyo. Maaaring gamitin ang inyong card para sa mga gastusin sa utility kabilang ang tubig, heating oil, at natural gas, kuryente, basura, serbisyo ng cable TV (hindi kasama ang mga serbisyo sa streaming), landline o mobile phone at internet. • Tulong sa Renta - Maaari ninyong gamitin ang inyong card para makatulong sa gastos sa renta para sa bahay ninyo. Para sa higit pang impormasyon, limitasyon, at pagbubukod, mangyaring tingnan ang inyong Katibayan ng Pagsaklaw.

Ang mga serbisyong may asterisk () ay posibleng mangailangan ng paunang pahintulot.
Ang mga serbisyong may parisukat (▪) ay nangangahulugang posibleng mangailangan ng referral.*

Komprehensibong Nakasulat na Pahayag para sa Mga Prospektibong Magpapatala

Ang mga benepisyong inilalarawan sa seksyong Premium at Benepisyong Buod ng Mga Benepisyong ay sinasaklaw ng aming Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP). Para sa bawat benepisyong nakalista, makikita ninyo kung ano ang sinasaklaw ng aming plano. Ang babayaran ninyo para sa mga sinasaklaw na serbisyo ay maaaring dumepende sa antas ng pagiging karapat-dapat ninyo sa Medicaid. Ang pagsaklaw sa mga benepisyong inilalarawan sa Buod ng Mga Benepisyong na ito ay nakadepende sa antas ng pagiging karapat-dapat ninyo sa Medicaid. Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa inyong pagiging karapat-dapat sa Medicaid at kung anong mga benepisyong maaari ninyong makuha, tawagan ang California Medi-Cal (Medicaid) nang toll-free sa 1-800-541-5555 (TTY: 1-800-430-7077).

Para sa pinakabagong impormasyon ng pagsaklaw ng California Medicaid, mangyaring bitahin ang <https://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/default.aspx> o tumawag sa Mga Serbisyo Para sa Miyembro para sa tulong.

Kapag naging miyembro na kayo ng Wellcare by Health Net, gagamitin at ihahayag ng Wellcare by Health Net ang pinoprotektahang impormasyon sa kalusugan at hindi pampublikong personal na pinansyal na impormasyon ng miyembro* para sa mga layunin ng paggamot, pagbabayad, mga pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan, at kung saan pinapahintulutan o iniaatas ng batas. Binibigyan ng Wellcare by Health Net ang mga miyembro ng Abiso sa Mga Kasanayan sa Privacy na naglalarawan sa kung paano nito ginagamit at inihahayag ang pinoprotektahang impormasyon sa kalusugan; ang mga karapatan ng indibidwal sa pag-access, na makahiling ng mga pagwawasto, paghihigpit, at sa accounting ng mga paghahayag ng pinoprotektahang impormasyon sa kalusugan; at ang mga pamamaraan sa paghahain ng mga reklamo. Bibigyan kayo ng Wellcare by Health Net ng pagkakataon na aprubahan o tanggihan ang paglalabas ng inyong impormasyon para sa mga hindi regular na paglalabas gaya ng marketing. Nagbibigay ang Wellcare by Health Net ng access sa mga miyembro upang masuri ang o makakuha ng kopya ng pinoprotektahang impormasyon sa kalusugan ng miyembro sa mga nakatalagang set ng rekord na pinapanatili ng Wellcare by Health Net. Pinoprotektahan ng Wellcare by Health Net ang mga oral, nakasulat, at elektronikong impormasyon sa buong organisasyon sa pamamagitan ng paggamit ng mga makatuwiran at naaangkop na pag-iingat sa seguridad. Kabilang sa mga pag-iingat na ito ang paglilimita ng access sa pinoprotektahang impormasyon sa kalusugan ng isang indibidwal para lang sa mga taong kailangang makaalam nito upang makapagsagawa ng pagbabayad, paggamot, mga pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan, o kung saan pinapahintulutan o iniaatas ng batas. Makikita ang buong Paunawa ng Mga Kasanayan sa Pagkapribado ng Wellcare by Health Net sa www.wellcare.com/healthnetCA sa ilalim ng “Pagkapribado” o kaya naman ay puwede kang tumawag sa Sentro ng Pakikipag-ugnayan para sa Customer sa numero ng telepono na nasa pabalat sa likod ng booklet na ito para makakuha ng isang kopya.

*Kasama sa hindi pampublikong personal na pinansyal na impormasyon ang pinansyal na impormasyon na nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan na ibinibigay ninyo sa amin para makakuha ng saklaw sa pangangalagang pangkalusugan o nakuha namin dahil sa pagbibigay sa inyo ng mga benepisyong. Kabilang sa mga halimbawa ang mga numero ng Social Security, mga balanse sa account, at history ng pagbabayad. Hindi kami naghahayag ng anumang hindi pampublikong personal na impormasyon tungkol sa inyo sa sinuman, maliban na lang kung pinapahintulutan ng batas.

Kalakip H: Mga Serbisyo ng Medi-Cal na Na-carve In at Na-carve Out sa Pinapamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal Enero 1, 2022 – Disyembre 31, 2026¹

Serbisyo	Kategorya ng Serbisyo sa Plano ng Estado	Kahulugan	Benepisyo Na-carve In sa Pinapamahalaang Pangangalaga	Benepisyo Na-carve Out sa Pinapamahalaang Pangangalaga*
Mga Serbisyo sa Acupuncture	Mga Serbisyo ng Iba Pang Mga Practitioner at Mga Serbisyo sa Acupuncture	Ang mga serbisyo sa acupuncture ay dapat na limitahan lang sa paggamot na isinasagawa para mapigilan, mabago, o mapawi ang pagkakaroon ng malala, hindi nawawalang chronic na pananakit na nagresulta mula sa isang pangkalahatang kinikilalang medikal na kondisyon.	X	
Mga Audiological na Serbisyo	Mga Serbisyo sa Audiology	Ang mga audiological na serbisyo ay sinasaklaw kapag ibinibigay ng mga taong nakakatugon sa mga naaangkop na kinakailangan	X	
Paggamot sa Kalusugan ng Pag-uugali (Behavioral Health Treatment, BHT)	Mga Serbisyo ng Pang-iwas sa Sakit - EPSDT	Ang pagbibigay ng mga medikal na kinakailangan serbisyo ng BHT sa mga karapat-dapat na miyembro ng Medi-Cal na wala pang 21 taong gulang ayon sa iniaatas ng mandato ng Maaga at Pana-panahong Screening, Pagsusuri, at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic and Treatment, EPSDT) at plano ng estado.	X ²	
Dugo at Mga Derivative ng Dugo	Dugo at Mga Derivative ng Dugo	Isang pasilidad na nangongolekta, nag-iimbak, at nagpapamahagi ng dugo ng tao at mga derivative ng dugo. Sinasaklaw ang sertipikasyon ng dugong iniutos ng isang doktor o pasilidad kung saan nagsagawa ng transfusion.	X	
California Children Services (CCS)	EPSDT	Ang California Children Services (CCS) ay tumutukoy sa mga serbisyo pinapahintulutan ng CCS program para sa pag-diagnose at paggamot ng mga kondisyong karapat-dapat sa CCS ng isang partikular na Miyembro.	X ³	
Sertipikadong Family Nurse Practitioner	Mga Serbisyo ng Mga Sertipikadong Family Nurse Practitioner	Isang sertipikadong family nurse practitioner na nagbibigay ng mga serbisyo sakop ng kanilang kasanayan.	X	

Serbisyo	Kategorya ng Serbisyo sa Plano ng Estado	Kahulugan	Benepisyo ng Na-carve In sa Pinapamahalaang Pangangalaga	Benepisyo ng Na-carve Out sa Pinapamahalaang Pangangalaga*
Mga Serbisyo ng Sertipikadong Pediatric Nurse Practitioner	Mga Serbisyo ng Sertipikadong Pediatric Nurse Practitioner	Sinasaklaw ang pangangalaga ng mga ina at bagong silang sa buong panahon ng maternity cycle ng pagbubuntis, labor, panganganak, at ang kasunod na postpartum period, nang hindi lalampas sa anim na linggo; maaaring kabilangan ng mga serbisyo sa pangunahing pangangalaga.	X	
Pamamahala ng Kaso sa Childhood Lead Poisoning (Ibinibigay ng Mga Departamento ng Kalusugan ng Local na County)	EPSTD	Isang kaso ng childhood lead poisoning (para sa mga layunin ng pagpapasimula ng pamamahala ng kaso) bilang bata mula pagkapanganak hanggang sa 21 taong gulang na may isang venous blood lead level (BLL) na katumbas ng o mas mataas sa 15 µg/dL, o dalawang BLL na katumbas ng o mas mataas sa 10 µg/dL na dapat nasa hindi bababa sa 30 at hindi hihigit sa 600 araw sa kalendaryo ang pagitan, hindi kailangang venous ang unang specimen, ngunit dapat venous ang pangalawang specimen.		X
Mga Chiropractic na Serbisyo	Mga Serbisyo ng Chiropractor	Ang mga serbisyo ibinibigay ng mga chiropractor, na kumikilos ayon sa sakop ng kanilang kasanayan gaya ng pinapahintulutan ng batas ng California, ay sinasaklaw, ngunit dapat limitahan lang ang mga naturang serbisyo sa paggamot ng gulugod sa pamamagitan ng manual na manipulasyon.	X ⁴	
Chronic Hemodialysis	Chronic Hemodialysis	Pamamaraang ginagamit para gamutin ang pagpalya ng kidney -sinasaklaw lang bilang outpatient na serbisyo. Inaalis ang dugo sa katawan sa pamamagitan ng isang vein at sini-circulate sa pamamagitan ng isang makina na nagsasala ng mga dumi at labis na fluid mula sa dugo. Pagkatapos, ibabalik ang “halinis” na dugo sa katawan. Ibig sabihin ng chronic, regular na ginagawa ang pamamaraang ito. Kailangan ng paunang pahintulot kapag ibinigay ito ng mga renal dialysis center o hemodialysis unit sa komunidad.	X	

Serbisyo	Kategorya ng Serbisyo sa Plano ng Estado	Kahulugan	Benepisyo Na-carve In sa Pinapamahalaang Pangangalaga	Benepisyo Na-carve Out sa Pinapamahalaang Pangangalaga*
Community Based Adult Services (CBAS)		Mga Naka-bundle na serbisyo ng CBAS: Isang outpatient at nakabatay sa pasilidad na programa ng serbisyo na naghahatid ng pangangalaga ng skilled nursing, mga serbisyong panlipunan, mga therapy, personal na pangangalaga, pagsasanay at suporta ng pamilya/tagapag-alaga, mga pagkain at transportasyon sa mga karapat-dapat na benepisaryo ng Medi-Cal. Mga Hindi Naka-bundle na Serbisyo ng CBAS: Mahahalagang bahagi ng mga serbisyo sa center ng CBAS na inihahatid sa labas ng mga center, sa ilalim ng ilang partikular na kondisyon.	X	
Mga Manggagawa sa Kalusugan sa Komunidad	Mga Serbisyong Pang-iwas sa Sakit	Mga serbisyong pang-iwas sa sakit na ibinibigay ng mga hindi lisensyadong manggagawa sa kalusugan sa komunidad, mga promotor, at mga kinatawan sa kalusugan ng komunidad para maiwasan ang sakit, kapansanan, at ibang kondisyon sa kalusugan o ang paglala ng mga ito.	X ⁵	
Mga Komprehensibong Perinatal na Serbisyo	Mga Pinalawig na Serbisyo para sa mga Buntis na Kababaihan- Mga Serbisyong Nauugnay sa Pagbubuntis at Postpartum	Ang mga komprehensibong perinatal na serbisyo ay tumutukoy sa mga serbisyo ng obstetrical, psychosocial, nutrisyon, at edukasyong pangkalusugan, at kaugnay na pagsasaayos ng kaso sa panahon ng pagbubuntis at hanggang 12 buwan pagkatapos ng huling araw ng pagbubuntis.	X	
Mga Serbisyo para sa Ngipin (Sinasklaw sa ilalim ng Medi-Cal)		Mga propesyonal na serbisyong isinasagawa o ibinibigay ng mga dentista kabilang ang pag-diagnose at paggamot ng malposed human teeth, ng sakit o mga depekto ng alveolar process, mga gilagid, panga at mga kaugnay na istruktura; ang paggamit ng mga gamot na ibinibigay sa tanggapan, anesthetic, at pisikal na pagtatasa; mga konsultasyon; mga pagtawag sa bahay, tanggapan, at institusyon.	X ⁶	

Serbisyo	Kategorya ng Serbisyo sa Plano ng Estado	Kahulugan	Benepisyong Na-carve In sa Pinapamahalaang Pangangalaga	Benepisyong Na-carve Out sa Pinapamahalaang Pangangalaga*
Mga Dyadic na Serbisyo		Pinagsamang screening at mga serbisyo sa kalusugan ng katawan at pag-uugali para sa bata, tagapag-alaga, at pamilya	X ⁵	
Mga Serbisyo ng Doula		Personal na suporta ng mga hindi lisensyadong provider sa mga buntis na benepisyaryo at kanilang mga pamilya sa buong panahon ng pagbubuntis, labor, at sa post-partum period.	X ⁵	
Matitibay na Medikal na Kagamitan	DME	Mga pantulong na medikal na device at supply. Sinasaklaw nang may reseta; kailangan ng paunang pahintulot.	X	
Mga Serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Screening, Pagsusuri, at Paggamot (EPSDT)	EPSDT	Ang EPSDT ay ang benepisyong programa ng Medicaid para sa mga bata at kabataan, na nagbibigay ng komprehensibong hanay ng mga serbisyo sa pag-iwas, pag-diagnose, at paggamot para sa mga sanggol, bata, at kabataan na wala pang 21 taong gulang na galing sa pamilyang mababa ang kita, gaya ng tinutukoy sa Seksyon 1905(r) ng Batas sa Social Security.	X	
Mga Gamot para sa Erectile at/o Sexual Dysfunction		Ang mga gamot na inaprubahan lang ng FDA para sa paggamot ng sexual dysfunction o erectile dysfunction ay hindi benepisyong programa. Ang mga gamot na inaprubahan ng FDA para sa paggamot ng sexual dysfunction o erectile dysfunction kasama ng isa o higit pang indikasyon, ay benepisyong lamang kung ang gamot ay ginagamit para sa isang indikasyong naaprubahan ng FDA maliban sa paggamot ng sexual dysfunction o erectile dysfunction.		X
Expanded Alpha-Fetoprotein Testing (Pinapangasiwaan ng Genetic Disease Branch ng CDPH)		Isang simpleng pagsusuri ng dugo na inirekomenda para sa lahat ng buntis na kababaihan upang ma-detect kung nagdadala sila ng fetus na may ilang partikular na genetic na abnormalidad gaya ng mga open neural tube defect, Down Syndrome, mga abnormalidad sa chromosome, at mga depekto sa abdominal wall ng fetus.		X

Serbisyo	Kategorya ng Serbisyo sa Plano ng Estado	Kahulugan	Benepisyo Na-carve In sa Pinapamahalaang Pangangalaga	Benepisyo Na-carve Out sa Pinapamahalaang Pangangalaga*
Mga Salamin, Contact Lens, Low Vision Aid, Prosthetic Eyes at Iba pang Kagamitan para sa Mata	Mga Salamin, Contact Lens, Low Vision Aid, Prosthetic Eyes at Iba pang Kagamitan para sa Mata	Sinasaklaw ang mga kagamitan para sa mata kung may valid na reseta ng isang doktor o optometrist.	X ⁷	
Federally Qualified Health Centers (FQHC) (mga serbisyo lang na sinasaklaw ng Medi-Cal)	FQHC	Mga serbisyo ng inilalarawan sa 42 U.S.C. Seksyon 1396d(a)(2)(C) na ibinibigay ng isang entidad na tinutukoy sa 42 U.S.C. Seksyon 1396d(l)(2)(B)).	X	
Mga Hearing Aid	Mga Hearing Aid	Sinasaklaw lang ang mga hearing aid kapag ibinibigay ng mga hearing aid dispenser ayon sa reseta ng isang otolaryngologist, o ng gumagamot na doktor kung walang otolaryngologist na available sa komunidad, at ng isang audiologist na pagsusuri kabilang ang pagsusuri sa hearing aid na dapat isagawa ng o sa ilalim ng patnubay ng doktor sa itaas o ng isang lisensyadong audiologist.	X	
1915(c) Mga Serbisyo sa Waiver sa Bahay at Nakabatay sa Komunidad (Hindi kasama ang Mga Serbisyo ng EPSDT)		Ang mga serbisyo sa waiver sa bahay at nakabatay sa komunidad ay dapat ibigay at i-reimburse lang bilang mga sinasaklaw na benepisyo ng Medi-Cal: (1) Para sa tagal ng nalalapat na waiver na inaprubahan ng pederal na pamahalaan, (2) Sa sukdulang nakatakda ang mga serbisyo sa nalalapat na waiver na inaprubahan ng HHS; at (3) Sa sukdulang makapagclaim ang Departamento at mare-reimburse ito ng mga pederal na pondo para sa mga serbisyo ng ito.		X
Mga Serbisyo ng Ahensya sa Kalusugan sa Bahay	Mga Serbisyo sa Kalusugan sa Bahay-Ahensya sa Kalusugan sa Bahay	Ang mga serbisyo ng ahensya sa kalusugan sa bahay ay sinasaklaw gaya sa tinutukoy sa ibaba kapag inireseta ito ng isang doktor, assistant ng doktor, nurse practitioner, o clinical nurse specialist at ibinigay sa bahay ng benepisyaryo alinsunod sa nakasulat na plano sa paggamot na sinusuri ng doktor kada 60 araw	X	

Serbisyo	Kategorya ng Serbisyo sa Plano ng Estado	Kahulugan	Benepisyo Na-carve In sa Pinapamahalaang Pangangalaga	Benepisyo Na-carve Out sa Pinapamahalaang Pangangalaga*
Mga Serbisyo ng Katulong para sa Kalusugan sa Bahay	Mga Serbisyo sa Kalusugan sa Bahay-Katulong para sa Kalusugan sa Bahay	Sinasaklaw ang mga serbisyo ng sanay na pag-aalaga o iba pang propesyonal kabilang ang mga part-time at intermittent na serbisyo sa sanay na pag-aalaga, serbisyo ng katulong para sa kalusugan sa bahay, mga serbisyo ng physical therapy, occupational therapy, o speech therapy at audiology, at mga medikal na serbisyong panlipunan na ibinibigay ng isang social worker.	X	
Mga Serbisyo ng Parmasya para sa Kalusugan sa Bahay-Kabuuan Parenteral at Enteral Nutrition sa ilalim ng Medi-Cal Rx	Kalusugan sa Bahay	Ang mga produktong pampalusog na kinakailangang medikal dahil sa isang chronic na sakit o trauma para sa mga pasyenteng hindi na makakain sa pamamagitan ng bibig at kapag ginamit bilang isang therapeutic regimen upang iwasan ang malubhang kapansanan o kamatayan sa mga pasyenteng may mga kondisyong medikal na na-diagnose, na pumipigil sa lubusang paggamit ng regular na pagkain na sinisingil ng isang botika sa isang claim ng botika, kabilang ang formula, mga pump, tubing, at pangkalahatang sub-kategorya, gaya ng inilarawan sa Liham ng Lahat ng Plano ng Medi-Cal Rx (APL 20-020).		X
Iba Pang Serbisyo ng Parmasya para sa Kalusugan sa Bahay-Kabuuan Parenteral at Enteral Nutrition	Kalusugan sa Bahay	Ang mga produktong pampalusog na kinakailangang medikal dahil sa isang chronic na sakit o trauma para sa mga pasyenteng hindi na makakain sa pamamagitan ng bibig at kapag ginamit bilang isang therapeutic regimen upang iwasan ang malubhang kapansanan o kamatayan sa mga pasyenteng may mga kondisyong medikal na na-diagnose, na pumipigil sa lubusang paggamit ng regular na pagkain na sinisingil ng isang botika sa isang claim ng botika, kabilang ang formula, mga pump, tubing, at pangkalahatang sub-kategorya, gaya ng inilarawan sa Liham ng Lahat ng Plano ng Medi-Cal Rx (APL 20-020).	X	

Serbisyo	Kategorya ng Serbisyo sa Plano ng Estado	Kahulugan	Benepisyong Na-carve In sa Pinapamahalaang Pangangalaga	Benepisyong Na-carve Out sa Pinapamahalaang Pangangalaga*
Pangangalaga sa Hospisyo	Pangangalaga sa Hospisyo	Sinasaklaw ang mga serbisyong limitado sa mga indibidwal na na-certify nang terminally ill alinsunod sa Titulo 42, CFR Bahagi 418, Subpart B, at na direktang nagboboluntaryo o nagboboluntaryo sa pamamagitan ng kanilang kinatawan na makatanggap ng mga naturang benepisyong sa halip na ibang pangangalaga gaya sa tinukoy.	X	
Mga Serbisyo ng Departamento ng Ospital at Mga Serbisyo ng Organisadong Klinika para sa Outpatient	Mga Serbisyo ng Klinika at Mga Serbisyo ng Departamento ng Outpatient ng Ospital at Mga Serbisyo ng Organisadong Klinika para sa Outpatient	Isang nakaiskedyul na kasunduang pang-administratibo na nagbibigay-daan sa mga outpatient na makatanggap ng paggamot ng isang provider sa pangangalagang pangkalusugan. Nagbibigay ng oportunidad para sa konsultasyon, pagsisiyasat, at minor na paggamot.	X	
Human Immunodeficiency Virus at mga gamot para sa AIDS		Mga gamot sa Human Immunodeficiency Virus at AIDS na nakalista sa Manual ng Provider ng Medi-Cal		X

Serbisyo	Kategorya ng Serbisyo sa Plano ng Estado	Kahulugan	Benepisyo Na-carve In sa Pinapamahalaang Pangangalaga	Benepisyo Na-carve Out sa Pinapamahalaang Pangangalaga*
